

KIAN

KAWASAKI
INTERNATIONAL
ASSOCIATION
NEWS

KAMUSTA KAWASAKI

Mga paalala at impormasyon mula sa Kawasaki City

Bagong Plano para sa Tamagawa

(川崎市多摩川プランについて)

214

Matatagpuan sa Siyudad ng Kawasaki ang Ilog ng Tama. Ito ay mayaman sa likas at mahalagang lugar na agusan ng tubig. Mula noon hanggang ngayon, lalong pinatatag ang pagpapalano ng Siyudad ng Kawasaki para sa ilog ng Tama upang mahigitan pa ang pagpapa-unlad at pangangalaga sa kagandahan nito.

Para sa establimento ng proyektong ito: may dalawang ibentong tatanghalin. Una ay ang Lektura/pagpapakilala sa Ilog ng Tama, Pangalawa, Salon sa Ilog ng Tama.

Ang lektura ay gaganapin sa ika-6 ng Nobyembre, Linggo sa oras ng 2:00pm sa Union Building malapit sa Istasyon ng Musashi Kosugi. Ang magiging tagapagsalita ay si Ginoong Ken Nakamoto. Siya ay sikat na aktor at patuloy sa patuloy na aktibo sa pag-observa ng mga hayop na ligaw, likas na kapaligiran. Ipakikilala niya ang kagandahan ng ilog ng Tamagawa sa temang 「Sadyang nakakalibang ang Tamagawa」

Samantalang ang Salon ng Ilog ng Tama ay magkakaroon ng tatlong sesyon na may iba at kanya-kanyang tema. Layunin nito ang pagpapalitan ng ideya at impormasyon ukol sa Ilog ng Tama. Lahat ng sesyon ay mag-uumpisa sa ika 1:30 pm hanggang 4:30 pm.


Unang Salon : ika-19 ng Nobyembre, Sabado sa Sangyo Shinko Kaikan Meeting Hall sa temang 「Pagpapa-unlad ng tanawin ng Tamagawa」

Pangalawang Salon : ika-10 ng Disyembre, Sabado sa Takatsu Shiminkan Meeting Hall sa temang 「Paggamit ng mga pasilidad sa Tamagawa」

Pangatlong Salon : ika-14 ng Enero, sa Tama Shiminkan Meeting Hall sa temang 「Pag-aaral tungkol sa Kalikasan at Kapaligiran ng Tamagawa」

May libreng mini tour sa iba't ibang lugar ng Tamagawa mula alas dyes 10:00 sa bawat araw ng Salon.

Walumpung katao (80) ang limit sa bawat ibento. Sa mga interesadong sumali, tumawag sa Tamagawa Policy Promotion Manager sa Green Division ng Environmental Bureau. Maaaring mag-applay sa Biyernes araw bago ganapin ang ibento. Ang numero ng telepono ay: 044-200-2268.



Konsiyerto sa bayan ng Musika

215

(音楽のまちコンサートについて)

215

Ang 「Ongaku no Machi Concert」 ay libreng ibento na gaganapin sa anim na lugar ng Siyudad ng Kawasaki. Ito ay binuo upang bigyan ng pagkakataon ang mga kabataang interesado at likas na mapagmahal sa musika, maging ang mga nagsasanay sa pag-tanghal sa publiko ng Siyudad.

Patuloy pa rin hanggang sa mga panahong ito ang pagtatanghal sa harap ng istasyon ng Miyazaki-dai Ekimae Hiroba sa harap ng istasyon ng ito. Ganundin sa harap ng pangalawang palapag ng Marui Family Department Store ng Mizonokuchi at maging sa Atrium ng Shin Kawasaki Mitsui Building.

Matutunghayan ang susunod na Music Town Concert sa Linggo, ika 13 ng Nobyembre mula 1:00 ng hapon sa Bremen Shopping Street ng Moto-Sumiyoshi. May mga anim na grupong magtatanghal ng katutubong musika, popyular, a capella, bossa nova at iba pang popyular na musika.

Ang ibentong ito ay nakalaan din para sa mga street performers kung saan karaniwang nag-eensayo sa mga daan, sa mga bakanteng lugar sa harap ng istasyon at naghihintay ng pagkakataong magpalabas at mapanood ng publiko. Magkakaroon ng imbitasyon para sa lahat ng nagnanais magtanghal para sa ika-21 ng Nobyembre sa Milord Department Store sa istasyon ng Shin-Yurigaoka ng Odakyu Line at para sa susunod na taon ika-4 ng Pebrero sa unang palapag ng Atrium Tama Ward Office.

Sa mga interesadong mag-aplay, pirmahan ang detalye sa pag-aaplay ipadala kalakip ang inyong larawan sa Shimin Bunka Office, Shimin-Kyoku Kawasaki City hanggang ika-25 ng Nobyembre. Ang mga porma o papel sa pag-aaplay ay matatagpuan sa mga Munisipyo, Aklatan Citizen Halls at iba pa sa loob ng Siyudad. Pag nagkataong maraming aplikante, magsasagawa ng interbyu para sa karapatdapat na magtatanghal. Sapat na ang isang aplikasyon at mahigpit na tatanggihan ang pag tugtog sa pamamagitan ng “taiko” o drum at musikang rock. Sa iba pang detalye, tumawag sa 044-200-3913.

Sistemang suporta sa Hello Work

Konsultasyon, Seminar at impormasyon para sa mga naghahanap ng trabaho

(就職サポート制度について) 216

Hanggang sa susunod na taon ng Marso 2006, sa mga lugar tulad ng “Techno Kawasaki”, ang Shi-Seikatsu Bunka Kaikan Hall, magsasagawa ng seminar para sa mga pangunahing pangangailangan impormasyon at mga dapat malaman ng mga naghahanap ng trabaho. Halimbawa ang pag-iinterbryu, para sa mga bagong tapos ng pag-aaral, kabataan, may edad at mga kababaihang nahihirapan sa paghahanap ng trabaho. Ang ibentong ito ay nagpapakilala ng mga ibat-ibang opisina ng kalakalan na nasa loob ng Siyudad ng Kawasaki at tumatanggap din ng konsultasyon.

Ito ay nakalaang sistemang suporta ng Hello Work para sa mga trabahador at mga naninirahan sa Kawasaki.

May gaganaping Seminar tuwing ika-una at pangatlong Huwebes ng bawat buwan. Sa mga naghahanap ng part-time, at mga trabaho, mga ahensya ay nararapat dumalo sa oras ng ika-10:00hanggang ika-12:00 ng tanghali. Mapag-aaralan kung papaano ang pag-interview at paano ang pangkaraniwang pamamahala nito. Sa mga nais namang maging full-time, dumalo sa oras ng ika-1:00 hanggang 4:00 ng hapon. Makakakuha ng impormasyon ukol sa pagkuha ng trabaho at makapagsasanay ng paghahanda ng sarili ukol sa paghahanap ng trabaho. Ang mga konsultasyon at pagpapakilala ng trabaho ay gaganapin tuwing 9:00-12:00 at 1:00- 5:00 ng Martes at Huwebes. Ang mga tagapagpayo ay maglalaan ng mga isang oras sa pagpapakilala ng trabaho bawat katao (man-to-man).

Libre ang konsultasyon bagama’t kinakailangan ang pagpapareserba. Para sa pagpapareserba tumawag sa Kawasaki Employment Support Call Center 03-5913-6391..

Sa iba pang detalye tumawag sa planning Section ng Economic Bureau 044-200-2322.

Silid - Sanggunihan para sa mga Dayuhan

Ang [Kawasaki International Association] ay nagbibigay ng walang bayad na konsultasyon serbisyo para sa mga dayuhan tungkol sa pang-araw-araw na pamumuhay.

Konsultasyon sa iba't-ibang Wika:

Wikang Ingles : Lunes ~ Sabado

Wikang Intsik : Martes, Miyerkoles at Biyernes

Wikang Koryano : Martes at Huwebes

Oras ng Konsultasyon:

10:00 ng umaga ~ 16:00 ng hapon

Wikang Kastila: Martes at Huwebes

Wikang Portugis: Martes at Biyernes

Wikang Tagalog: Martes at Miyerkoles

Salin-wika: Ogura Noemi

Inilathala ng Asosasyong Pandaigdigang ng Siyudad ng Kawasaki

2-2 Kizuki Gion Cho, Nakahara-Ku, Kawasaki 211-0033 Kawasaki International Center

Tel 044-435-7000 Fax 044-435-7010 E-mail:kian@bremen.or.jp HP URL:http://www.bremen.or.jp/kian/